TALÓS
ISSN : Applied
TALÓS: Saliksik sa Wika, Kalinangan, at Likas-Kayang Pag-unlad
(TALÓS: Philippine Journal of Language, Culture, and Sustainable Development)
Vol. 1, No. 2, 2026 | DOI:

Pagtuturo ng Filipino ng mga Non-Filipino Major: Pananaw ng mga Mag-Aaral

Roland G. Gomere
Teacher II, Pedro C. Sese Sr. Memorial High School, Pajo, Balud, Masbate, Philippines

Abstrak: Layunin ng pag-aaral na suriin ang pagtuturo ng Filipino ng mga gurong hindi Filipino major sa Balud National High School sa pamamagitan ng pagtukoy sa kanilang espesyalisasyon at kaugnay na pagsasanay, pagsusuri sa persepsyon ng mga mag-aaral batay sa pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon, at pagtukoy sa ugnayan ng mga salik na ito bilang batayan sa pagbuo ng konkretong plano para sa pagpapahusay ng pagtuturo. Nakaangkla ang pag-aaral sa Teoryang Sosyokultural, Hipotesis ng Linguistic Interdependence, Teoryang Interaksyonal sa Wika, at Teoryang Panlipunang Komunikasyon sa Multidisiplinaring Konteksto, at inayos ang konseptuwal na balangkas sa Input-Process-Output na may feedback. Gumamit ito ng deskriptibong-korelasyonal na disenyo at survey questionnaire. Kabilang sa pag-aaral ang apat na gurong hindi Filipino major at 109 mag-aaral mula sa populasyong 152 mag-aaral. Gumamit ng frequency, percentage, mean, at mga pagsusuring estadistikal upang suriin ang mga datos. Lumitaw na dalawa sa apat na guro ang may espesyalisasyon sa Ingles, samantalang tig-isa ang mula sa Agham at Edukasyon sa Pagpapahalaga. Mataas ang persepsyon ng mga mag-aaral sa pag-uugaling partisipasyon, emosyonal na partisipasyon, at kognitibong partisipasyon. Walang makabuluhang ugnayan ang kasarian sa pag-uugaling at emosyonal na partisipasyon, ngunit may makabuluhang ugnayan ito sa kognitibong partisipasyon. May makabuluhang ugnayan naman ang guro sa pag-uugaling at emosyonal na partisipasyon, ngunit wala sa kognitibong partisipasyon. Inirerekomenda ang regular na seminar at workshop, pagpapalakas ng emosyonal na suporta, at patuloy na paggamit ng angkop na estratehiya at konkretong halimbawa sa pagtuturo. Ang pag-aaral ay kaugnay ng SDG 4 – Quality Education dahil nakatuon ito sa kalidad ng pagtuturo, partisipasyon ng mag-aaral, at propesyonal na pag-unlad ng guro. Nag-aambag din ito sa educational, cultural, at institutional sustainability sa pamamagitan ng pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino, pagpapanatili ng papel ng wikang pambansa sa edukasyon, at pagbibigay ng batayan sa patuloy na pagsasanay at pagpapahusay ng mga guro.

Mga Susing Salita Kognitibong Partisipasyon; Pag-Uugaling Partisipasyon; Persepsyon Ng Mga Mag-Aaral; Propesyonal Na Pagsasanay; Pagtuturo Ng Filipino; Wikang Filipino

INTRODUKSIYON

Ang wika ay mahalagang bahagi ng kultura, identidad, komunikasyon, at edukasyon. Sa konteksto ng Pilipinas, kinikilala ang Filipino bilang wikang pambansa at ginagamit sa pagtuturo at iba pang gawaing institusyonal. Gayunman, isang mahalagang usapin sa edukasyon ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ng mga gurong hindi Filipino major, lalo na kung limitado ang kanilang pormal na espesyalisasyon sa wika. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagsusuri sa demograpikong profayl at kaugnay na pagsasanay ng mga gurong hindi Filipino major at sa persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon. Sinusuri rin nito ang ugnayan ng demograpikong profayl ng mga guro at persepsyon ng mga mag-aaral bilang batayan sa pagbuo ng konkretong plano para sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino.

Itinatadhana ng Saligang Batas ng 1987, Artikulo XIV, Seksyon 6, ang Filipino bilang wikang pambansa na may mahalagang tungkulin sa pagtuturo at mga opisyal na gawain. Dahil dito, nananatiling mahalagang usapin ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino, kabilang ang pagtatalaga ng mga gurong hindi ito ang pangunahing espesyalisasyon. Bagaman maaari itong makatulong sa pagpapalaganap ng wika at kultura, may mga hamon sa kakayahan ng mga guro na maipaliwanag nang malinaw ang mga konsepto at mapanatili ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Ayon kay Bernardo (2013), ang mas malalim na kasanayan sa wika ay nakatutulong sa pang-akademikong tagumpay at pagpapalawak ng kaalaman, samantalang binanggit ni Salazar (2019) na maaaring mahirapan ang mga gurong hindi bihasa sa Filipino sa pagpapaliwanag ng komplikadong konsepto. Ayon naman kay Cruz (2015), mahalaga ang wika sa pagpapalago ng pagkatuto sa iba't ibang antas ng edukasyon. Sa ganitong konteksto, mahalagang masuri hindi lamang ang espesyalisasyon at pagsasanay ng mga gurong hindi Filipino major kundi pati ang aktuwal na pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang karanasan sa klase. Partikular na sinusuri ng pag-aaral ang pag-uugaling partisipasyon, emosyonal na partisipasyon, at kognitibong partisipasyon ng mga mag-aaral, gayundin ang ugnayan ng mga ito sa demograpikong profayl ng mga guro. Nilalayon ng pagsusuring ito na makapagbigay ng batayan sa mga hakbang na maaaring magpahusay sa kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

Isang pangunahing tema sa literatura ang papel ng wika sa pagkatuto at akademikong pag-unawa. Ayon kay Cummins (2000), ang kasanayan sa wikang ginagamit sa pagtuturo ay mahalaga sa pag-unawa sa mga komplikadong konsepto at akademikong tagumpay. Kaugnay nito, ipinaliwanag ni Krashen (1982) na ang kasanayan sa pangalawang wika ay nakaaapekto sa kakayahang matuto ng mga bagong konsepto. Binigyang-diin naman ni Ladd (2003) ang papel ng wika sa pag-unawa at partisipasyon, habang ipinakita nina Swain at Lapkin (2001) na ang wikang ginagamit sa pagtuturo ay may mahalagang papel sa aktibong pakikilahok at pagkatuto. Ayon kay Hinkel (2006), kinakailangan din ng angkop na estratehiya upang maging epektibo ang paggamit ng wika sa pagtuturo ng iba't ibang

disiplina. Kaugnay nito ang wika bilang kasangkapan sa kognitibong pag-unlad at interaksyon. Ayon kay Vygotsky (1978), mahalaga ang wika sa kognitibong proseso at akademikong pag-unlad ng mag-aaral. Ipinakita naman ni Baker (2006) na may mga benepisyo at hamon ang bilingguwal na edukasyon at mahalagang magkaroon ang guro ng sapat na kakayahan sa wikang ginagamit sa pagtuturo. Sina Hutchinson at Waters (1987) ay nagbigay-diin sa ugnayan ng kasanayan sa wika at epektibong pagtuturo sa iba't ibang disiplina, samantalang ayon kay Gumperz (1982), nakaaapekto ang wikang ginagamit sa klase sa pag-unawa at pakikipag-ugnayan ng mga mag-aaral. Isa pang mahalagang tema ang ugnayan ng wika, identidad, at kultura. Ayon kay Norton (2000), mahalagang bahagi ng identidad at pakikilahok sa edukasyon ang wika. Binigyang-diin nina Freeman at Johnson (1998) ang kahalagahan ng kaalaman ng guro sa wikang ginagamit sa pagtuturo, habang tinalakay ni Canagarajah (2013) ang paggamit ng wika sa multilingguwal at akademikong konteksto. Ayon kay Pennycook (2001), mahalaga rin ang kritikal na pagtingin sa wika sa paglikha ng epektibong interaksyon sa iba't ibang kulturang pang-edukasyon. Ipinaliwanag naman ni Halliday (1994) ang papel ng wika sa pagbuo ng kahulugan, at tinalakay ni Bialystok (2001) ang kontribusyon ng bilingguwalismo sa wika, literasi, at kognisyon. Sa lokal na konteksto, ipinakita ni Bernardo (2013) na mahalaga ang Filipino sa pagpapalawak ng pag-unawa at pang-akademikong tagumpay. Tinalakay ni Cruz (2015) ang mga hamon kapag hindi sapat ang kasanayan ng guro sa Filipino, samantalang ipinakita ni Salazar (2019) na ang limitasyon sa paggamit ng wika ay maaaring maging hadlang sa partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral. Kaakibat nito, muling binibigyang-diin nina Krashen (1982), Hinkel (2006), Vygotsky (1978), Baker (2006), at Norton (2000) na ang kasanayan sa wika, angkop na estratehiya, interaksyon, at identidad ay mahalagang salik sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Pinagtitibay rin ng mga kaugnay na pag-aaral ang kahalagahan ng wika sa partisipasyon at pag-unawa. Ipinakita nina Pires et al. (2024) na nakatutulong ang bilingguwal na edukasyon sa pag-unawa at pagkatuto; natuklasan nina Mekki et al. (2022) na mas aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral kapag komportable sila sa wikang ginagamit; at binigyang-diin nina Gunawardena et al. (2024) ang kognitibong benepisyo ng paggamit ng wikang lubos na nauunawaan ng mag-aaral. Ipinakita rin ni Eslit (2023) ang kaugnayan ng wika sa emosyonal at kognitibong partisipasyon, samantalang tinalakay nina Bernardo et al. (2023) ang implikasyon ng katutubong wika sa pag-unawa sa agham at matematika. Sa mga lokal na pag-aaral, iniulat nina Cynthia et al. (2023) ang halaga ng Filipino sa pag-unawa at partisipasyon sa Araling Panlipunan. Natuklasan ni Apiles (2025) na mas aktibo ang mga mag-aaral sa talakayan kapag Filipino ang ginagamit sa Panitikan at Wika. Ipinakita ni Perez (2022) ang potensiyal ng Filipino sa pagpapadali ng pag-unawa sa mga konseptong pang-agham, habang binigyang-diin nina Dagalea et al. (2024) ang papel ng unang wika sa pagbuo ng pundasyon sa pagkatuto. Natuklasan naman nina Mance-Avila at Guzon (2020) na nakatutulong ang Filipino sa partisipasyon at pag-unawa sa mga konseptong matematikal. Sa kabuuan, ipinakikita ng literatura na ang wika ay kaugnay ng akademikong pag-unawa, partisipasyon, interaksyon, identidad, at kognitibong pag-unlad. Binibigyang-diin nina Cummins (2000), Krashen (1982), Ladd (2003), Swain at Lapkin (2001), Hinkel (2006), Vygotsky (1978), at Baker (2006) ang mahalagang papel ng wika sa pagkatuto, samantalang ipinakikita nina Cruz (2015) at Salazar (2019) ang mga praktikal na hamon kapag limitado ang kasanayan ng gurong gumagamit ng Filipino bilang wikang panturo.

Sa lokal na konteksto, nakatuon ang pag-aaral sa Balud National High School sa Masbate. Dito sinusuri ang karanasan at persepsyon ng mga mag-aaral na tinuturuan ng Filipino ng mga gurong hindi Filipino major. Ang paaralan ang nagsisilbing tiyak na konteksto upang makita kung paano nauugnay ang espesyalisasyon at pagsasanay ng guro sa pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Sa pambansang konteksto, mahalaga ang pag-aaral dahil ang Filipino ay kinikilalang wikang pambansa at mahalagang bahagi ng edukasyon, kultura, at identidad ng mga Pilipino. Binibigyang-diin din ng pag-aaral ang posibleng kabuluhan ng mga natuklasan sa mga guro, mag-aaral, tagapangasiwa ng paaralan, at tagagawa ng patakaran, lalo na sa pagpapaunlad ng mga estratehiya sa pagtuturo, programang propesyonal na pag-unlad, at mga desisyong may kaugnayan sa paggamit ng wika at kurikulum. Sa pandaigdigang konteksto, ang mga pag-aaral sa bilingguwalismo, pangalawang wika, at paggamit ng unang wika sa edukasyon ay nagpapakitang hindi natatangi sa Pilipinas ang usapin ng wika ng pagtuturo. Ang mga pananaw nina Cummins (2000), Krashen (1982), Vygotsky (1978), Baker (2006), Pires et al. (2024), Mekki et al. (2022), Gunawardena et al. (2024), at Eslit (2023) ay nagpapakita ng mas malawak na diskurso hinggil sa ugnayan ng wika, akademikong pag-unawa, partisipasyon, at kognitibong pag-unlad.

Ang pag-aaral ay pangunahing nakaangkla sa Teoryang Sosyokultural (Vygotsky, 1978), na nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng interaksiyong panlipunan, kultura, at wika sa kognitibong pag-unlad. Sa pananaw na ito, nagiging mas makahulugan ang pagkatuto kapag naiuugnay ng mag-aaral ang bagong kaalaman sa kaniyang lingguwistiko at kultural na karanasan. Sa konteksto ng pag-aaral, nagbibigay ito ng batayan sa pagsusuri kung paano nakatutulong ang paggamit ng Filipino sa interaksyon, partisipasyon, at pag-unawa ng mga mag-aaral. Sinusuportahan din ang pag-aaral ng Hipotesis ng Linguistic Interdependence ni Cummins (1979). Nakabatay ito sa pananaw na ang mga kognitibo at akademikong kasanayang nalilinang sa unang wika ay maaaring mailipat sa pagkatuto ng pangalawang wika. Kaugnay nito, ang pagpapaunlad ng kakayahan sa Filipino ay maaaring maging pundasyon sa mas malawak na akademikong pagkatuto sa isang multilingguwal na kapaligiran. Ginagamit din ang Teoryang Interaksyonal sa Wika, na nakatuon sa wika bilang kasangkapan sa pagbuo at pagpapanatili ng ugnayang panlipunan. Sa konteksto ng pagtuturo ng Filipino ng mga non-Filipino major, mahalaga ang kakayahan ng guro na makalikha ng makabuluhang komunikasyon at interaksyon sa loob ng klase. Idinagdag din ng mananaliksik ang Teoryang Panlipunang Komunikasyon sa Multidisiplinaring Konteksto, na nagmumungkahing ang tagumpay ng pagtuturo ng Filipino ay hindi lamang nakasalalay sa espesyalisasyon ng guro kundi sa kakayahan nitong gamitin ang wika bilang kasangkapan sa koneksyon, kultura, at pagkatuto. Konseptuwal na inayos ang pag-aaral sa Input-Process-Output na may *feedback*. Ang input ay binubuo ng demograpikong profayl ng mga guro batay sa espesyalisasyon at kaugnay na pagsasanay, at ng persepsyon ng mga mag-aaral

batay sa pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon. Ang proseso ay nakatuon sa pangangalap at estadistikal na pagsusuri ng datos, samantalang ang output ay ang pagbuo ng konkretong plano upang mapahusay ang pagtuturo ng Filipino ng mga gurong hindi Filipino major. Ang *feedback* ay nagsisilbing mekanismo para sa patuloy na pagsusuri at pag-aangkop ng mga hakbang batay sa resulta ng implementasyon. Bagaman maraming pag-aaral ang tumalakay sa paggamit ng katutubong wika o Filipino at sa kaugnayan nito sa pagkatuto at pakikilahok, nananatili ang pangangailangan sa mas tiyak na pagsusuri sa konteksto ng pagtuturo ng mga gurong hindi Filipino major. Ang mga pag-aaral nina Scherzinger at Brahm (2023), Nishanthi (2020), Mai et al. (2024), Phiri et al. (2024), at Sakaryali et al. (2024), gayundin nina Caraig at Quimbo (2022) at Ranque et al. (2024), ay nagpapakita ng mga usapin tungkol sa wika, pagtuturo, pagsasanay ng guro, at pakikilahok ng mag-aaral. Gayunman, ayon sa papel, kakaunti pa ang mga pag-aaral na tiyak na sumusuri sa mga kasanayang tulad ng kritikal na pag-iisip at malalim na pag-unawa sa partikular na konteksto ng paggamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo. Dahil dito, mahalagang suriin ang aktuwal na persepsyon ng mga mag-aaral sa mga gurong hindi Filipino major at tukuyin kung may kaugnayan ang espesyalisasyon at pagsasanay ng mga guro sa pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Ang resulta ay inaasahang maging batayan sa pagbuo ng konkretong plano para sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino at propesyonal na pag-unlad ng mga gurong nagtuturo nito kahit hindi ito ang kanilang pangunahing espesyalisasyon.

Ang pag-aaral ay pangunahing naaayon sa SDG 4 – Quality Education o De-kalidad na Edukasyon dahil nakatuon ito sa pagpapahusay ng kalidad ng pagtuturo, pakikilahok ng mga mag-aaral, pag-unawa, at propesyonal na pag-unlad ng mga guro. Ang pagsusuri sa pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon ay maaaring magsilbing batayan sa pagbuo ng mas angkop na mga estratehiya at programa para sa mga gurong hindi Filipino major. Ang mungkahing regular na seminar, workshop, emosyonal na suporta, at pagpapahusay ng mga estratehiya sa pagtuturo ay tumutugma sa layuning mapabuti ang kalidad ng karanasan sa pagkatuto. Hindi sinusukat ng pag-aaral ang mismong pagkamit ng SDG 4; sa halip, ang likas na ugnayan nito sa SDG ay nakikita sa pokus nito sa kalidad ng pagtuturo, partisipasyon ng mag-aaral, pag-unawa, at patuloy na pagpapaunlad ng kakayahan ng mga guro.

May kaugnayan ang pag-aaral sa educational sustainability sapagkat nagbibigay ito ng batayan para sa patuloy na pagpapahusay ng kakayahan ng mga gurong nagtuturo ng Filipino kahit hindi ito ang kanilang espesyalisasyon. Ang paggamit ng mga natuklasan sa pagbuo ng seminar, workshop, at iba pang programang propesyonal na pag-unlad ay maaaring makatulong sa pagpapanatili ng kalidad ng pagtuturo at mas angkop na suporta sa mga mag-aaral. Mahalaga rin ito sa cultural sustainability dahil binibigyang-diin ng pag-aaral ang Filipino bilang bahagi ng kultura, identidad, at akademikong karanasan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagpapanatili at pagpapahusay ng paggamit ng Filipino sa edukasyon, napalalakas ang ugnayan ng wika, kultura, at pagkatuto at napapanatili ang papel ng wikang pambansa sa akademikong kapaligiran. Sa aspektong institutional sustainability, maaaring magsilbing batayan ang mga resulta sa mga tagapangasiwa ng paaralan at mga tagagawa ng patakaran sa pagpaplano ng propesyonal na pagsasanay, pagtatalaga ng guro, at pagpapaunlad ng mga estratehiya at patakarang pangwika. Sa kabuuan, pinag-uugnay ng pag-aaral ang edukasyon, wika, kultura, propesyonal na pag-unlad ng guro, at partisipasyon ng mag-aaral bilang magkakaugnay na dimensyon ng isang mas matatag at tumutugong sistemang pang-edukasyon.

METODOLOHIYA

A. Disenyo ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng deskriptibong-korelasyonal na disenyo ng pananaliksik upang mailarawan ang mga baryabol at matukoy ang kanilang ugnayan nang hindi minamanipula ang mga ito. Ayon kay Bhandari (2021), ginagamit ang ganitong disenyo upang tuklasin ang ugnayan sa pagitan ng mga baryabol at matukoy ang mga padron o trend nang hindi nagpapahiwatig ng relasyong sanhi at bunga. Sa konteksto ng pag-aaral, ginamit ang disenyo upang suriin ang ugnayan ng paggamit at pagtuturo ng Filipino sa partisipasyon at pag-unawa ng mga mag-aaral.

B. Lugar ng Pag-aaral, Mga Kalahok ng Pag-aaral at Sampol ay Pamamaraan ng Pagpili

Isinagawa ang pag-aaral sa Balud National High School. Ang paaralan ang nagsilbing pangunahing lugar sa pangangalap ng datos hinggil sa pagtuturo ng Filipino ng mga gurong hindi Filipino major at sa pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa kanilang karanasan sa pagkatuto. Nakatuon ang lokal na konteksto ng pag-aaral sa mga pamamaraan ng pagtuturo, paggamit ng Filipino, at pakikilahok ng mga mag-aaral sa loob ng paaralan. Ang mga respondente ay binubuo ng apat (4) na gurong non-Filipino major ngunit nagtuturo ng asignaturang Filipino sa Balud National High School at 152 mag-aaral. Ang mga guro ang pinagmulan ng datos hinggil sa espesyalisasyon at kaugnay na pagsasanay, samantalang ang mga mag-aaral ang nagbigay ng kanilang persepsyon sa pagtuturo batay sa mga aspektong sinusuri sa pag-aaral. Mula sa tinukoy na populasyon, ang sample size na ginamit sa pag-aaral ay 109, batay sa kalkulasyon gamit ang Raosoft software na may 5% margin of error at 95% confidence level. Ang manuskrito ay hindi tahasang nagbigay ng karagdagang detalye tungkol sa espesipikong sampling technique na ginamit sa pagpili ng 109 na kalahok.

C. Instrumento ng Pananaliksik

Gumamit ang pag-aaral ng survey questionnaire bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Idinisenyo ang instrumento upang makuha ang impormasyon tungkol sa mga baryabol ng pag-aaral, kabilang ang paggamit ng wikang Filipino, student engagement, at comprehension. Ang mga tanong ay maaaring closed-ended, kabilang ang mga aytem na gumagamit ng Likert scale, o open-ended depende sa kinakailangang datos. Bago ang aktuwal na paggamit, isinailalim ang unang bersyon ng instrumento sa pre-test sa isang maliit na grupo ng mga guro upang masuri ang kalinawan, pagiging wasto, at kaangkupan ng mga tanong.

D. Baryabol ng Pag-aaral

Ang pag-aaral ay nakatuon sa dalawang pangunahing pangkat ng baryabol. Una, sinusuri ang **demograpikong**

profayl ng mga gurong hindi Filipino major, partikular ang kanilang **espesyalisasyon** at **mga kaugnay na pagsasanay** sa pagtuturo ng Filipino. Ikalawa, sinusuri ang **persepsyon ng mga mag-aaral** sa kanilang mga gurong hindi Filipino major batay sa tatlong dimensyon ng partisipasyon: **pag-uugaling partisipasyon, emosyonal na partisipasyon, at kognitibong partisipasyon**. Tinutukoy rin sa pag-aaral kung may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng demograpikong profayl ng mga guro at antas ng persepsyon ng mga mag-aaral. Ang mga baryabol na ito ang nagsisilbing batayan sa pagbuo ng konkretong plano para sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino ng mga gurong hindi ito ang pangunahing espesyalisasyon.

E. Pamamaraan ng Pangangalap ng Datos

Bago mangalap ng datos, humingi muna ng pahintulot mula sa mga kaukulang awtoridad ng paaralan sa pamamagitan ng pormal na liham na naglalahad ng layunin ng pag-aaral, kabuluhan nito, at mga hakbang sa pagprotekta sa mga respondente. Matapos maihanda at maaprubahan ang instrumento, ipinamigay ang paper-based questionnaires sa mga guro at mag-aaral at kinuha pagkatapos ng itinakdang panahon. Ang mga nakalap na sagot ay manu-manong inencode sa database at sinuri upang matiyak ang pagiging kumpleto at tumpak bago isagawa ang estadistikal na pagsusuri.

F. Pagsusuri ng Datos

Ginamit ang frequency at percentage upang mailarawan ang demograpikong profayl ng mga guro batay sa espesyalisasyon at kaugnay na pagsasanay. Ginamit naman ang mean upang matukoy ang antas ng persepsyon ng mga mag-aaral sa pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon, gamit ang apat na antas na Likert Scale bilang batayan sa interpretasyon. Para sa pagsusuri ng makabuluhang ugnayan, itinakda sa manuskrito ang Pearson r kung parehong numerical ang datos at Chi-Square Test of Independence kung kategorikal ang mga baryabol. Binanggit din sa pamamaraan ang paggamit ng Pearson correlation coefficient o Spearman's rank correlation depende sa uri ng datos. Ang mga resulta ng pagsusuri ang ginamit na batayan sa pagbuo ng konkretong plano para sa pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino ng mga gurong hindi Filipino major.

G. Etikal ng Konsiderasyon

Bilang bahagi ng etikal na pagsasagawa ng pananaliksik, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot mula sa mga kaukulang awtoridad ng Balud National High School bago isinagawa ang pangangalap ng datos. Sa liham-pahintulot, malinaw na ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral, ang maaaring pakinabang nito sa mga guro at mag-aaral, at ang mga hakbang upang maprotektahan ang pribadong impormasyon ng mga respondente. Isinaalang-alang din ang malayang pahintulot ng mga kalahok, pagiging kompidensiyal ng mga sagot, at hindi pagbubunyag ng pagkakakilanlan upang matiyak na mananatiling pribado ang kanilang personal na impormasyon at mga tugon. Ang mga nakalap na datos ay maingat na itinala, inayos, at sinuri upang mapanatili ang integridad, pagiging kumpleto, at katumpakan ng impormasyon sa buong proseso ng pananaliksik.

RESULTA AT TALAKAYAN

A. Demograpikong Profayl ng mga Guro

Espesyalisasyon

Sa apat na gurong nagtuturo ng Filipino ngunit hindi Filipino major, dalawa ang may espesyalisasyon sa Ingles, isa sa Agham, at isa sa Edukasyon sa Pagpapahalaga. Ipinakikita nito na pinakamalaki ang bilang ng mga gurong may espesyalisasyon sa Ingles, samantalang tig-isa lamang ang nagmula sa dalawa pang larangan. Ipinakikita ng resulta na ang pagtuturo ng Filipino sa konteksto ng pag-aaral ay isinasagawa ng mga gurong may magkakaibang akademikong espesyalisasyon. Mahalaga samakatuwid ang pagtingin hindi lamang sa kanilang pangunahing larangan kundi pati sa kanilang paghahanda at pagsasanay upang masuportahan ang kalidad ng pagtuturo ng Filipino.

Mga Kaugnay na Pagsasanay

Sa mga kaugnay na pagsasanay, dalawang guro ang nakadalo sa Pagsasanay sa Pananaliksik Gamit ang Wikang Filipino, isang guro ang nakadalo sa Seminar sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Filipino, at isa naman sa Seminar sa Korespondensiya Opisyal sa Filipino. Pinakamadalas samakatuwid ang paglahok sa pagsasanay tungkol sa pananaliksik gamit ang Filipino. Ipinahihiwatig ng datos na mayroon nang pagkakalantad ang mga gurong non-Filipino major sa ilang gawaing propesyonal na may kaugnayan sa wikang Filipino, bagaman magkakaiba ang uri ng pagsasanay na kanilang nadaluhan. Ang patuloy na propesyonal na pagsasanay ay mahalaga lalo na sa mga gurong nagtuturo sa larangang hindi nila pangunahing espesyalisasyon.

B. Persepsyon ng mga Mag-aaral sa mga Gurong Hindi Major sa Filipino

Pag-uugaling Partisipasyon

Ang mean scores ng pag-uugaling partisipasyon ng 109 mag-aaral ay nasa pagitan ng 3.2936 at 3.4954, at lahat ng aytem ay may deskripsiyong Mataas. Ipinakikita nito na aktibong nakikilahok ang mga mag-aaral sa mga gawain at talakayan sa klase ng mga gurong hindi Filipino major. Ayon kay Spink (2024), ang aktibong partisipasyon sa klase ay mahalaga sa pagtataguyod ng positibong ugnayan sa pagitan ng guro at estudyante, na nakatutulong sa pagkatuto. Ganito rin ang punto ni Tungul (2024) na ang gurong nagpapakita ng interes at pagiging bukas sa opinyon ng estudyante ay nakatutulong sa pagbuo ng tiwala at pagpapahalaga sa sarili ng mga mag-aaral.

Emosyonal na Partisipasyon

Ang emosyonal na partisipasyon ay nakapagtala ng mean scores mula 3.3394 hanggang 3.4862, na pawang may antas na Mataas. Ipinakikita nito na ang mga mag-aaral ay may positibong damdamin, interes, at sigla sa kanilang klase kahit hindi Filipino major ang kanilang guro. Ayon sa pananaliksik nina Scherzinger (2023), ang emosyonal na ugnayan sa pagitan ng guro at estudyante ay may malaking epekto sa motibasyon ng mag-aaral na makibahagi sa klase. Dagdag pa rito, binigyang-diin ni Nishanthi (2020) na ang pagkakaroon ng malasakit at pasensya ng guro ay nagpapalakas sa kumpiyansa ng estudyante

at nagpapadali ng pagkatuto sa anumang asignatura, kabilang ang Filipino.

Kognitibong Partisipasyon

Sa kognitibong partisipasyon, ang mean scores ay mula 3.4220 hanggang 3.5596 at lahat ay may deskripsiyong Mataas. Ipinakikita nito na aktibong nag-iisip, nagsusuri, at nagpapalalim ng kaalaman ang mga mag-aaral sa mga araling itinuturo ng mga gurong hindi Filipino major. Sinang-ayunan ito ni Mai et al. (2024) sa kanyang pag-aaral na ang paggamit ng konkretong halimbawa at angkop na estratehiya sa pagtuturo ay nagpapataas ng antas ng pagkatuto at partisipasyon ng estudyante sa klase. Samantala, sa pananaliksik ni Phiri et al. (2024), napatunayan na ang guro na nagbibigay ng aktibong pagsasanay sa kritikal na pag-iisip ay nakakatulong sa paglinang ng kognitibong kasanayan ng mga estudyante, anuman ang espesyalisasyon ng guro. Sa pangkalahatan, ipinakikita ng mga resulta na mataas ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon sa klase ng mga gurong hindi major sa Filipino.

C. Makabuluhang Ugnayan ng mga Salik at Partisipasyon ng mga Mag-aaral

Kasarian at Partisipasyon ng mga Mag-aaral

Walang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasarian at pag-uugaling partisipasyon, na may $p = .469$, at sa emosyonal na partisipasyon, na may $p = .212$. Gayunman, may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kasarian at kognitibong partisipasyon, na may $p = .017$, kung saan mas mataas ang mean rank ng mga lalaki kaysa sa mga babae. Ipinakikita ng resulta na hindi nagkakaiba ayon sa kasarian ang pag-uugali at emosyonal na pakikilahok ng mga mag-aaral, ngunit may pagkakaiba sa kanilang kognitibong partisipasyon. Ipinahihiwatig nito na maaaring magkakaiba ang antas ng mental na pakikilahok at pagsusuri ng mga mag-aaral batay sa kasarian, samantalang nananatiling magkatulad ang kanilang asal at emosyonal na pagtugon sa klase.

Guro at Partisipasyon ng mga Mag-aaral

May makabuluhang ugnayan sa pagitan ng guro at pag-uugaling partisipasyon ng mga mag-aaral, na may $p = .032$. May makabuluhang ugnayan din sa emosyonal na partisipasyon, na may $p = .017$, at natukoy ang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng Guro C at Guro D na may adjusted significance na .010. Sa kognitibong partisipasyon, walang makabuluhang ugnayan ayon sa guro, na may $p = .746$. Sang-ayon dito si Caraig (2022) na nagsabing ang espesyalisasyon at patuloy na pagsasanay ng guro ay may positibong epekto sa kalidad ng pagtuturo, na nagreresulta sa mas mataas na partisipasyon at motibasyon ng mga estudyante. Dagdag pa ni Sakaryali et al. (2024), ang mga guro na may angkop na pagsasanay ay mas nakakapagbigay ng emosyonal at kognitibong suporta na mahalaga sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

D. Konkretong Plano para sa Pagpapahusay ng Pagtuturo ng Filipino

Batay sa mga resulta, binuo ang konkretong planong nakatuon sa regular na seminar at workshop para sa mga guro upang mapahusay ang aktibong pakikipag-ugnayan sa klase, pagtatanong, pagbibigay ng puna, at paghikayat sa pakikilahok ng mga mag-aaral. Kasama rin dito ang pagpapalakas ng emosyonal na suporta sa pamamagitan ng pasensya, malasakit, at positibong paggabay, gayundin ang pagsasanay sa paggamit ng konkretong halimbawa at angkop na estratehiya at ang pagbibigay ng mga gawaing humihikayat sa kritikal na pag-iisip. Ang pagbibigay-diin sa emosyonal na suporta ay naaayon sa mga pag-aaral ni Scherzinger (2023) at Nishanthi (2020), samantalang ang paggamit ng konkretong halimbawa, malinaw na estratehiya, at mga gawaing nagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip ay sinusuportahan ng mga pag-aaral nina Mai et al. (2024) at Phiri et al. (2024). Sa ganitong paraan, ang konkretong plano ay direktang nakabatay sa mga natukoy na pangangailangan at resulta ng pag-aaral.

KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

A. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, karamihan sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ngunit hindi Filipino major ay may espesyalisasyon sa Ingles, habang ang iba ay mula sa Agham at Edukasyon sa Pagpapahalaga at nakadalo sa iba't ibang pagsasanay na may kaugnayan sa Filipino. Sa kabuuan, mataas ang persepsyon ng mga mag-aaral sa kanilang pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon sa klase ng mga gurong hindi Filipino major. Lumitaw din na walang makabuluhang ugnayan ang kasarian sa pag-uugaling at emosyonal na partisipasyon, ngunit may makabuluhang ugnayan ito sa kognitibong partisipasyon. Samantala, may makabuluhang ugnayan ang guro sa pag-uugaling at emosyonal na partisipasyon, ngunit wala sa kognitibong partisipasyon. Ipinakikita ng mga resulta na may mga salik na kaugnay ng guro at mag-aaral na may kaugnayan sa kanilang pakikilahok sa proseso ng pagkatuto.

B. Rekomendasyon

Inirerekomenda ang regular na pagsasagawa ng mga seminar at workshop upang higit na mapaunlad ang kakayahan ng mga gurong hindi Filipino major sa paghikayat ng aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral. Dapat ding bigyang-pansin ang emosyonal na suporta sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga gawaing nagpapalakas ng kanilang tiwala at kumpiyansa. Hinihikayat din ang mga guro na ipagpatuloy ang paggamit ng angkop na estratehiya at konkretong halimbawa upang mapadali ang pag-unawa sa aralin at higit na mapaunlad ang kognitibong partisipasyon ng mga mag-aaral.

Ang pag-aaral ay limitado sa mga gurong non-Filipino major na gumagamit ng Filipino sa kanilang pagtuturo at sa mga mag-aaral na direktang kalahok sa napiling konteksto ng pananaliksik. Nakatuon lamang ang pagsusuri sa pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon, gayundin sa pag-unawa ng mga mag-aaral. Hindi kabilang sa saklaw ang mga pribadong sentro ng tutorial, di-akademikong institusyon ng pagsasanay, at mga institusyong pangunahing gumagamit ng Ingles o iba pang wikang rehiyonal bilang midyum ng pagtuturo. Dahil dito, ang mga natuklasan ay sumasalamin lamang sa tiyak na konteksto at karanasan ng mga kalahok at hindi maaaring ituring na pangkalahatang representasyon ng buong sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas.

PASASALAMAT

Taos-pusong nagpapasalamat ang mananaliksik sa Balud National High School, sa pamunuan, mga guro, at iba pang indibidwal na nagbigay ng pahintulot, paggabay, at suporta sa pagsasagawa ng pag-aaral. Lubos ding kinikilala ang mahalagang pakikilahok ng apat (4) na gurong hindi Filipino major ngunit nagtuturo ng asignaturang Filipino at ng isang daan at siyam (109) na mag-aaral na nagsilbing mga respondente ng pag-aaral. Ang kanilang mga tugon ay naging mahalagang batayan sa pagsusuri sa espesyalisasyon at kaugnay na pagsasanay ng mga guro, gayundin sa pagtukoy sa persepsyon ng mga mag-aaral batay sa kanilang pag-uugaling, emosyonal, at kognitibong partisipasyon. Ang kanilang pakikilahok ay naging mahalaga rin sa pagbuo ng mga rekomendasyon at konkretong plano para sa higit pang pagpapahusay ng pagtuturo ng Filipino ng mga gurong hindi ito ang pangunahing espesyalisasyon.

SANGGUNIANG BANGGIT

Baker, C. (2006). *Foundations of bilingual education and bilingualism* (4th ed.). Multilingual Matters.

Bhandari, P. (2021, July 7). *Correlational research: When and how to use*. Scribbr. https://www.scribbr.com/methodology/correlational-research/

Bialystok, E. (2001). *Bilingualism in development: Language, literacy, and cognition*. Cambridge University Press. https://doi.org/10.1017/CBO9780511605963

Canagarajah, S. (2013). *Translingual practice: Global Englishes and cosmopolitan relations*. Routledge. https://doi.org/10.4324/9780203073889

Caraig, R. V., & Quimbo, M. A. T. (2022). Assessing reading comprehension difficulties in core science subjects of senior high school students in a private school in Calamba City, Philippines. *International Journal of Curriculum and Instruction, 14*(3), 1983–2010.

Constitution of the Republic of the Philippines, art. XIV, §§ 6–7 (1987).

Cummins, J. (1979). Linguistic interdependence and the educational development of bilingual children. *Review of Educational Research, 49*(2), 222–251. https://doi.org/10.3102/00346543049002222

Cummins, J. (2000). *Language, power and pedagogy: Bilingual children in the crossfire*. Multilingual Matters.

Freeman, D., & Johnson, K. E. (1998). Reconceptualizing the knowledge-base of language teacher education. *TESOL Quarterly, 32*(3), 397–417. https://doi.org/10.2307/3588114

Gumperz, J. J. (1982). *Discourse strategies*. Cambridge University Press.

Halliday, M. A. K. (1994). *An introduction to functional grammar* (2nd ed.). Edward Arnold.

Hutchinson, T., & Waters, A. (1987). *English for specific purposes: A learning-centred approach*. Cambridge University Press.

Krashen, S. D. (1982). *Principles and practice in second language acquisition*. Pergamon Press.

Ladd, P. (2003). *Understanding deaf culture: In search of deafhood*. Multilingual Matters.

Norton, B. (2000). *Identity and language learning: Gender, ethnicity and educational change*. Longman.

Pennycook, A. (2001). *Critical applied linguistics: A critical introduction*. Lawrence Erlbaum Associates.

Ranque, K. M. I., Liwanan, R. B., Nieva, L. J. D. S., & Bernal, A. II S. (2024). Students' proficiency in using Filipino language in academic communication. *International Journal of Innovative Research in Multidisciplinary Education, 3*(3). https://doi.org/10.58806/ijirme.2024.v3i3n08

Scherzinger, L., & Brahm, T. (2023). A systematic review of bilingual education teachers' competences. *Educational Research Review, 39*, 100531. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2023.100531

Swain, M., & Lapkin, S. (1998). Interaction and second language learning: Two adolescent French immersion students working together. *The Modern Language Journal, 82*(3), 320–337. https://doi.org/10.1111/j.1540-4781.1998.tb01209.x

Vygotsky, L. S. (1978). *Mind in society: The development of higher psychological processes*. Harvard University Press.